

KAHINGAN PARA SA PAGPAPATOTOO NG PAGKAKAKILANLAN

Pangalan at Address ng Naghahabol

Petsa ng Mail:
SSA No.:

Pangalan ng Naghahabol
Mailing Address ng
Naghahabol, Lungsod,
State, ZIP ng Naghahabol

**NUMERO NG TOLL FREE NA TELEPONO
NG EDD:**
1-866-401-2849

Natatanggap ninyo ang abisong ito dahil hindi mapatotohanan ng Employment Development Department (Kagawaran sa Pagpapaunlad sa Pagtatrabaho o EDD) ang inyong pagkakakilanlan. Hindi tumugma sa impormasyong nakukuha ng Department ang impormasyong ibinigay ninyo noong hinain ninyo ang inyong habol sa seguro sa kawalan ng trabaho o maaaring nakatangganap ang Department ng impormasyon na ipinapakita nakompromiso ang inyong pagkakakilanlan. Kapag mayroong hindi sigurado na tama ang pagkakakilanlan, nangangailangan ang Department ng mga dokumentong nakakapagpakilala upang mapatotohanan na ang mga benepisyo sa kawalan ng trabaho ay ibinibigay lang sa mga may legal na karapatan na matanggap ang mga ito.

Nakapaloob sa abisong ito ang listahan ng mga dokumento na dapat ninyong ibigay upang mapatotohanan ang inyong pagkakakilanlan.

Ang inyong pagiging kwalipikado para sa mga benepisyo sa seguro ng kawalan ng trabaho ay nakabinbin sa pagtanggap ng mga dokumentong ito. Makikipag-ugnayan ang Department sa (mga) employer at mga kinatawan ng pamahalaan upang patotohanan ang mga dokumento at anumang impormasyong ibinigay ninyo. Kung hindi ninyo ibinigay ang mga dokumento o hindi nagbibigay-daan ang mga dokumento/impormasyon sa Department na patunayan ang inyong pagkakakilanlan, hindi kayo magiging kwalipikado na matanggap ang mga benepisyo.

Upang makatanggap ng mga benepisyo, dapat ninyong ibigay ang inyong 9-digit na Social Security number (SSN) na ibinigay sa inyo ng Social Security Administration (SSA). Mangyaring suriin ang inyong mga talaan at tiyakin na ang SSN na nakalista sa abisong ito ay ang ibinigay sa inyo ng SSA. Kung sinasabi ng impormasyong makukuha ng Department na ang SSN na ibinigay ninyo ay hindi napatotohanan sa inyo ng SSA, maaaring kailanganin ninyong makipag-ugnayan sa SSA upang makuha ang pagpapatotoo ng inyong SSN at pagkatapos ay magpadala ng kopya sa EDD sa address ng tanggapan na nakalista sa itaas. Ang lokasyon ng inyong tanggapan ng SSA ay makikita sa website ng SSA sa <http://www.socialsecurity.gov/locator> o sa lokal na aklat ng telepono sa mga listahan ng Pederal na Gobyerno sa ilalim ng "Social Security Administration."

Mangyaring LUMAGDA at ibalik ang dokumentong ito sa asul na sobre na ibinigay kasama ang malinaw at nababasang mga dokumento ng pagpapatotoo ng pagkakakilanlan sa loob ng 10 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng mail ng dokumentong ito. Ang inyong kumpletong Social Security number ay dapat nasa bawat dokumento na inyong isusumite.

TANDAAN: HUWAG MAG-SAMA NG ANUMANG IBA PANG MGA FORM NG DEPARTMENT SA ASUL NA SOBRE DAHIL MAGDUDULOT ITO NG MGA PAGKAANTALA.

Sa ikalawang pahina ay isang listahan ng mga kinakailangang dokumento ng pagkakakilanlan na dapat ninyong ibigay. Mayroon ding mga tagubilin sa kung ano ang gagawin kung kailangan ninyo ng higit pang panahon upang maibigay ang mga dokumento.

Aking naiintindihan na ang batas ay nagbibigay ng mga parusa kung ako ay magsasabi ng mga maling pahayag o magtago ng katotohanan upang makakuha ng mga benepisyo; Aking idinideklara sa ilalim ng parusang perjura na ang impormasyong aking ibinibigay at ang mga dokumentong aking isinusumite ay totoo at tama at aking pagmamay-ari.

I-PRINT ANG IYONG PANGALAN

LAGDA
(Ang IYONG lagda ay kinakailangan)

PETSA

SSN NO.:

MGA KINAKAILANGANG DOKUMENTO NG PAGKAKAKILANLAN

Ang ilan sa mga pinakakaraniwang pagkakamali na nauugnay sa mga SSN ay:

- Mali ang ginagamit na SSN. Maaaring nakalimutan ninyo ang numero o nailipat ang numero noong ibinigay ninyo ito sa inyong employer.
- Ang pangalan sa SSA ay iba sa ginamit ninyo sa paghain sa inyong habol. Maaaring nabago ninyo ang inyong pangalan at hindi naabisuhan ang SSA.
- Ang petsa ng kapanganakan sa SSA ay iba sa petsa ng kapanganakan na ibinigay ninyo noong hinain ninyo ang inyong habol.

Dapat kayong magbigay ng malinaw at nababasang kopya ng ISANG LARAWAN NG PAGKAKAKILANLAN. (Tingnan ang nakalakip para sa listahan ng mga nararapat na dokumento.)

AT

Dapat din kayong magbigay ng ISA O HIGIT PANG malinaw at nababasang MGA DOKUMENTONG NAKALISTA SA IBABA. (Tingnan ang nakalakip para sa listahan ng mga nararapat na dokumento.)

1. Data ng Pagtatrabaho
2. Adress ng Pagpapatotoo
3. Pagpapatotoo ng Social Security Number
(Hindi matutugunan ng isang kopya ng inyong Social Security Card ang pangangailangang ito.)
4. Pagpapatotoo ng Petsa ng Kapanganakan (opisyal na kopya ng sertipiko ng kapanganakan)

ANG HINDI PAGTUPAD SA MGA KAHILINGANG ITO PARA SA PAGPAPATOTOO NG PAGKAKAKILANLAN SA LOOB NG 10 ARAW NG KALENDARYO MULA SA PETA SA MAIL NG FORM NA ITO AY MAAARING MAGDULOT NG PAGKAWALA NG MGA BENEPISYO. MANGYARING ISAMA ANG INYONG KUMPLETONG SSN SA LAHAT NG DOKUMENTONG ISINUMITE.

Mayroon kayong karapatang humiling ng higit pang panahon upang ipunin ang mga dokumento o hingin ang payo ng isang kinatawan. Kung kailangan ninyo ng higit pang panahon, dapat kayong makipag-ugnayan sa Department **SA LOOB NG 10 ARAW NG KALENDARYO** mula sa petsa ng mail ng form na ito upang humiling ng karagdagang panahon. Maaari kayong makipag-ugnayan sa Department sa pamamagitan ng mail o telepono sa address/numero ng EDD na nakalista sa unang pahina. Kung pagkatapos ng 10 araw ay hindi natanggap ang mga dokumento o hindi humiling ng karagdagang panahon, magkakaroon ng pasya sa pagiging kwalipikado batay sa makukuhang impormasyon.

Isinasaad ng California Unemployment Insurance Code (CUIC) Seksyon 1253(a) na dapat ihain ang lahat ng habol para sa mga benepisyo sa seguro ng kawalan ng trabaho alinsunod sa mga regulasyon ng Department. Isinasaad ng CUIC Seksyon 1257(a) na kung ang indibidwal ay nagbigay ng maling impormasyon sa Department upang makakuha ng mga benepisyo sa seguro ng kawalan ng trabaho, ang indibidwal ay maaaring mapailalim sa isang parusa. Isinasaad ng Title 22, California Code of Regulations, Seksyon 1326-2 (b)(2)(A) na maaaring iatas ng Department sa isang naghahabol na tiyakin na ang SSN ay ang ibinigay sa kanya ng SSA kung isinasaad ng impormasyong makukuha ng Department na maaaring pagmamay-ari ng ibang tao ang SSN o kaya ay hindi ito isang wastong numero.